DepEd ADVISORY No. 237, s. 2013
Hunyo 6, 2013
In compliance with DepED Order No. 8, s. 2013
this advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*)

2013 PAMBANSANG KUMPERENSIYA NG UNYON NG MGA MANUNULAT SA PILIPINAS (UMPIL)

Ang Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas (UMPIL) ay magdaraos ng *UMPIL Pambansang Kumperensiya 2013: Si Andres Bonifacio bilang Manunulat* sa Agosto 29-31, 2013 sa Leong Hall Auditorium, Ateneo de Manila University, Quezon City.

Nilalayon ng kumperensiya na mapagtuunang pansin ang pagkamanunulat ni Andres Bonifacio at sisikaping masagot sa tatlong araw na lektiyur at inter-aksyon ng mga kalahok ang tanong na ito: *Bakit at paano dapat lingunin at pahalagahan ang mga akda ni Andres Bonifacio?* Mga espesipikong tanong na sisikaping tugunan ng mga imbitadong tagapagsalita at mga kalahok ay ang mga ito*:*

1. Ano ang mga katwiran at katangiang pansining ng mga rebolusyonaryong akda ni Andres Bonifacio?;
2. Ano ang mga teoretiko at praktikal na saligan na mapagbabatayan ng higit na pagpapahalaga sa kaniyang mga teksto at konteksto; at
3. Paano nakaimpluwensiya si Bonifacio sa pagkalinang ng poetika ng protesta sa kasaysayan ng Panitikang Filipino?

Ang tagapangulo at miyembro ng kaguruan ng Kagawaran ng Filipino sa bawat paaralan ang inaanyayahang dumalo sa kumperensiyang ito. Maaari ding dumalo ang mga iskolar, estudyante ng Panitikan, araling Filipino, Kasaysayan, Araling Panlipunan (AP) at mga kaugnay na disiplina sa lahat ng antas ng pag-aaral na mula sa pampubliko at pribadong paaralan.

Sa iba pang katanungan, ang mga interesado ay maaring makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

- Dr. Michael M. Coroza
  Direktor ng Kumperensiya
  Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas (UMPIL)
  c/o Institute of Creative Writing
  2/F Bulwagang Rizal, University of the Philippines (UP)
  Diliman, Quezon City
  Mobile Phone Blg.: 0947-721-9249
  Email Address: mcoroza@ateneo.edu

- Bb. Eva Garcia Cadiz
  Sekretaryat
  UMPIL/Writers Union of the Philippines
  Mobile Phone Blg..: 0917-561-5024
  Email Address: gondour03@yahoo.com

D-MCR/DA-UMPIL
0522/Hunyo 6, 2013